Mensahe Apat

# Namumuhay Kasama ang Dibinong Trinidad (1)

## Namumuhay kasama si Kristo bilang Emmanuel at Tinataglay ang Nabuhay na Muling Kristo na Nabubuhay sa Loob Natin

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 1:21-23; 18:20; 28:20; 2 Tim. 4:22; Juan 14:17

**I. Ang mamuhay sa Dibinong Trinidad ay ang manahan sa Kanya, ang manatili sa Kanya, ang manirahan sa Kanya bilang ating tahanan; ang mamuhay kasama ang Dibinong Trinidad ay ang manahan Siya sa loob natin upang mataglay natin ang Kanyang presensiya, ang Kanyang persona, kasama natin para sa ating katamasahan—Juan 15:4:**

A. Ang nananahang Espiritu, ang nananahanang Espiritu, ay ang elemento at saklaw ng pananahan sa isa't isa, ang pananahanan sa isa't isa, natin at ng Tres-unong Diyos—1 Juan 4:13, 16b.

B. Kailangan nating magkaroon ng isang pangkalahatang pananaw ng buong pahayag ng Bagong Tipan—isa sa apat na bahagi ng Bagong Tipan ay hinggil sa ating pamumuhay sa Tres-unong Diyos, samantalang tatlo sa apat na bahagi ng Bagong Tipan ay hinggil sa ating pamumuhay kasama ang Tres-unong Diyos.

**II. Ang mamuhay kasama ang Dibinong Trinidad ay ang mamuhay kasama si Kristo bilang Emmanuel—"'Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at kanilang tatawaging Emmanuel ang Kanyang pangalan (na kung isasalin ay sumasaatin ang Diyos)"—Mat. 1:23:**

A. Ang intensiyon ng Diyos ay ang ipamahagi ang Kanyang sarili bilang buhay (Roma 8:2, 6, 10-11) tungo sa loob natin, ang mga taong may tatlong bahagi—tungo sa ating espiritu, kaluluwa, at katawan—upang gawin tayong Kanyang mga anak (bb. 14-15, 19, 23, 29, 17) para sa pagbubuo ng Katawan ni Kristo (12:4-5) upang tayo ay maging ang Bagong Herusalem bilang ang lungsod ng buhay (Apoc. 22:1-2).

B. Upang maranasan natin ang pamamahagi ng Tres-unong Diyos bilang buhay sa ating katauhan, kailangan nating maging yaong mga namumuhay kasama si Kristo bilang Emmanuel; ang Mateo ay isang aklat tungkol kay Emmanuel—ang Diyos na nagkatawang- tao upang makasama natin—1:21-23.

C. Ang presensiya ni Hesus ay Emmanuel, Diyos na sumasaatin:

1. Siya ay sumasaatin sa ating mga pagtitipon—18:20.
2. Siya ay sumasaatin sa lahat ng mga araw—28:20.
3. Siya ay sumasaating espiritu—2 Tim. 4:22:
    a. Ngayon ang ating espiritu ay ang lupain ni Immanuel—Isa. 8:7-8.
    b. Sapagkat sumasaatin ang Diyos, hindi kailanman makokontrol ng kaaway ang lupain ni Immanuel—b. 10; cf. 1 Juan 5:4; Juan 3:6.

D. Ang praktikal na Emmanuel ay ang Espiritu ng realidad bilang ang presensiya ng napasukdol na Tres-unong Diyos sa ating espiritu; ang Kanyang presensiya ay laging sumasaating espiritu, hindi lamang araw-araw bagkus kada sandali—1:14; 14:16-20; 1 Cor. 15:45b; 2 Tim. 4:22:

1. Matatamasa natin ang presensiya ng Tres-unong Diyos sa sama-samang pagtitipon para sa pagtuturo ng Kanyang banal na Salita—Mat. 18:20; 28:20; Awit 119:130; Gawa 6:4.
2. Tinatamasa natin ang biyaya at kapayapaan sa pamamagitan ng Espiritu bilang ang presensiya ng Tres-unong Diyos—Gal. 6:18; Gawa 9:31.
3. Ang pangunguna at pagsaksi ng Espiritu ay ang Kanyang presensiya—Roma 8:14, 16.
4. Tinatamasa natin ang pamamahagi ng Tres-unong Diyos sa pamamagitan ng Kanyang presensiya bilang ang Espiritu—2 Cor. 13:14.

E. Upang makapamuhay kasama si Kristo bilang Emmanuel, kailangan nating mapasa-Kanyang dibinong presensiya, na siyang ang Espiritung nagbibigay-buhay bilang ang pagpapasukdol ng Tres-unong Diyos—Gal. 5:25:

1. Upang makapamuhay kasama si Kristo, tayo ay nabubuhay pa rin, ngunit hind sa pamamagitan lamang ng ating sarili bagkus sa pamamagitan ni Kristong nabubuhay sa loob natin at kasama natin bilang Emmanuel; hindi makukumpleto ng Tres-unong Diyos ang Kanyang intensiyon na ipamahagi ang Kanyang sarili sa ating katauhan sa labas natin; samakatwid, ang Kanyang pagiging kasama natin ay dapat na panloob—2:20.
2. Si Emmanuel ang ating buhay at persona, at tayo ang Kanyang sangkap, na sama-samang namumuhay kasama Niya bilang isang persona; ang ating tagumpay ay nakadepende kay Emmanuel, ang presensiya ni Hesus.
3. Kapag taglay natin ang presensiya ng Panginoon, mayroon tayong karunungan, panloob na kabatiran, paunang kabatiran, at panloob na kaalaman hinggil sa mga bagay; ang presensiya ng Panginoon ay lahat-lahat sa atin—2 Cor. 2:10; 4:6-7; Gal. 5:25; Gen. 5:22-24; Heb. 11:5-6.

F. Kung nais nating pasukin, angkinin, at tamasahin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang realidad ng mabuting lupain, dapat nating gawin ito sa pamamagitan ng presensiya ng Panginoon; ipinangako ng Panginoon kay Moses, "Ang Aking presensiya ay sasaiyo, at bibigyan kita ng kapahingahan" (Exo. 33:14); ang presensiya ng Diyos ay ang Kanyang daan, ang "mapa" na nagpapakita sa atin, na Kanyang bayan, ng daan na dapat nating tahakin:

1. Upang lubusan nating matamo at maangkin si Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na lupain para sa pagtatayo ng Diyos, dapat nating panghawakan ang prinsipyo na ang presensiya ng Diyos ang pamantayan para sa bawat bagay; anuman ang ginagawa natin, dapat tayong magbigay-pansin kung taglay ba natin ang presensiya ng Diyos o hindi; kung taglay natin ang presensiya ng Diyos, taglay natin ang lahat ng bagay, ngunit kapag naiwala natin ang presensiya ng Diyos, maiwawala natin ang lahat ng bagay—Mat. 1:23; 2 Tim. 4:22; Gal. 6:18; Aw. 27:4, 8; 51:11; 2 Cor. 2:10.
2. Ang presensiya ng Panginoon, ang ngiti ng Panginoon, ay ang namamahalang prinsipyo; dapat nating matutuhang maingatan, mapamunuan, mapamahalaan, at magabayan hindi ng Kanyang di-tuwirang presensiya kundi ng direkta, tuwirang presensiya ng Panginoon.
3. "Sa aking kabataan ako ay tinuruan ng iba't ibang paraan upang manaig, upang managumpay, upang maging banal, at upang maging espiritwal. Gayunpaman, wala sa anumang mga pamamaraang ito ang umubra. Kalaunan, sa higit na animnaput walong taon na karanasan, natuklasan ko na walang uubra kundi ang presensiya ng Panginoon. Ang Kanyang pagiging kasama natin ay lahat-lahat"—(*Life-study of Joshua,* p. 48).

G. Ang buong Bagong Tipan ay isang Emmanuel, at tayo ngayon ay bahagi ng dakilang Emmanuel na ito na mapasusukdol sa Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa sa kawalang-hanggan; ang Bagong Tipan ay nagsisimula sa isang Diyos-tao, ang "Diyos na sumasaatin," at nagtatapos sa isang dakilang Diyos-tao, ang Bagong Herusalem, na "si Jehovah ay Naroon"—Mat. 1:23; 1 Cor. 6:17; Gawa 9:4; 1 Tim. 3:15-16; Apoc. 21:3, 22; Ezek. 48:35.

**III. Ang mamuhay kasama ang Dibinong Trinidad ay ang taglayin ang nabuhay na muling Kristo na nabubuhay sa loob natin—Gal. 2:20b; Fil. 1:19-21a:**

A. Ang pagkabuhay na muli ay isang persona sapagkat sinabi ni Kristo na Siya ang pagkabuhay na muli (Juan 11:25); ang Espiritung nagbibigay-buhay bilang ang Espiritu ng realidad ay ang realidad ng nabuhay na muling Kristo at ng kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo (1 Cor. 15:45b; Juan 14:17; 16:13; 1 Juan 5:6; Fil. 3:10; Exo. 30:22-25).

B. Sa ating buhay-Kristiyano, tayo ay nasa ilalim ng pagpatay ng kamatayan ni Kristo sa pamamagitan ng nananahanang Espiritu at sa pamamagitan ng ating panlabas na kapaligiran; ang panlabas na kapaligiran ay nakikipagtulungan sa panloob na Espiritu upang patayin ang

ating natural na tao para sa pagpapakita ng nabuhay na muling Kristo sa loob natin —Rom. 8:9-10, 13b, 28-29; 2 Cor. 4:7-18:

1. Kung tatangkain nating tumakas sa kapaligirang isinaayos ng Diyos para sa atin, hindi tayo magkakaroon ng kagalakan at kapayapaan; kapag nanatili tayo sa limitadong kapaligiran, mararanasan natin ang pagkabuhay na muli—Efe. 4:1; 6:20; 2 Cor. 1:8-9, 12.
2. Upang maranasan ang Espiritu bilang realidad ng nabuhay na muling Kristo, kailangan nating bumaling sa ating espiritu upang manalangin, magpuri, umawit, o makipag-usap sa Diyos; ang pamagat ng Awit 18 ay nagpapakita na ito ang pantaong pakikipag-usap ni David sa dibinong Diyos, nagpapahiwatig ng pagkamatalik ni David sa Diyos; matapos ang sampung minuto ng pakikipag-usap sa Diyos at pagkonsulta sa Kanya, tayo ay magniningas at mapupuspusan ng Espiritu bilang realidad ng pagkabuhay na muli.

C. Ang pagkatao ni Hesus ay ang Kanyang pantaong buhay sa pagkabuhay na muli; ang pambibighani at pagkakandili ng Panginoon ay hindi natural kundi sa pamamagitan ng Kanyang buhay ng pagkabuhay na muli sa pagkatao; namuhay Siya ng isang pantaong buhay sa pagkabuhay na muli, hindi sa pamamagitan ng Kanyang sarili kundi sa pamamagitan ng isa pang pinagmumulan, yaon ay, ang Kanyang Ama—Juan 5:19, 30; 14:24:

1. Sapagkat ipinamuhay ni Hesus ang dibinong buhay sa Kanyang pantaong buhay, ang Kanyang pantaong buhay ay naging mistiko, isang hiwaga; bilang mga disipulo ng Panginoon, kailangan nating ipamuhay ang dibinong buhay sa ating pantaong buhay upang maidakila si Kristo—Roma 13:14; Gal. 2:20; Fil. 1:19-21.
2. Ang mga tagasunod ni Kristo ay dinisipulo sa pamamagitan ng pantaong pamumuhay ni Kristo sa lupa bilang modelo ng isang Diyos-tao—ipinamumuhay ang Diyos sa pamamagitan ng pagtatatwa ng Kanyang sarili sa pagkatao (Juan 5:19, 30), na lubhang binabago ang kanilang konsepto hinggil sa tao (Fil. 3:10; 1:21a).
3. Kailangan nating lahat na madisipuluhan ng Panginoon upang maging mga dibino at mistikong tao; dapat nating kandiliin ang mga tao sa pamamagitan ng dibino at mistikong buhay sa pagkabuhay na muli; ang *sa pagkabuhay na muli* ay nangangahulugan na walang natural sa ating pangangalaga para sa mga tao.

D. Ang umuusbong na tungkod ay sumasagisag na si Kristo, ang nabuhay na muling Isa, ay dapat maging ating buhay, ating pamumuhay, at ang buhay ng pagkabuhay na muli sa loob natin at ang buhay na ito ay dapat umusbong, mamukadkad, at mamunga tungo sa pagkagulang—Bil. 17:8:

1. Pagkatapos magrebelde ng mga anak ni Israel, gaya ng nakatala sa Bilang 16, inutusan ng Diyos ang labindalawang lider na kumuha ng labindalawang tungkod ayon sa labindalawang lipi ng Israel at ilagay ang mga ito sa Tolda ng Pagpupulong sa harap ng Patotoo (17:4); pagkatapos ay sinabi Niya, "Ang tungkod ng lalaking aking pipiliin ay mag-uusbong" (b. 5).
2. Lahat ng labindalawang tungkod ay walang dahon, walang ugat, tuyo, at patay; alinmang umusbong ay ang pinili ng Diyos; dito ay makikita natin na ang pagkabuhay na muli ay ang batayan ng pagpili ng Diyos at na ang batayan ng paglilingkod ay isang bagay na hiwalay sa ating natural na buhay; kaya, ang umuusbong na tungkod ay sumasagisag sa ating karanasan kay Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli bilang pagtanggap sa atin ng Diyos para sa awtoridad sa ministeryong ibinigay ng Diyos.
3. Ang prinsipyo sa bawat paglilingkod ay nakasalalay sa umuusbong na tungkod; ibinalik ng Diyos ang lahat ng labing-isang tungkod sa mga lider subalit pinanatili ang tungkod ni Aaron sa loob ng Kaban bilang isang walang hanggang alaala; nangangahulugan ito na ang pagkabuhay na muli ay isang walang hanggang prinsipyo sa ating paglilingkod sa Diyos —bb. 9-10.
4. Pagkatapos umusbong ng tungkod ni Aaron, walang anumang puwang para sa kanya na maging palalo; ang kanyang karanasan ay nagpapakita na ang lahat ng bagay ay nakadepende

sa biyaya at awa ng Diyos, at wala tayong magagawa sa ating sarili—2 Cor. 12:7-9; Roma 9:15-16, 21, 23; Luc. 1:78-79.

5. Dahil ang ating ksasapatan ay mula sa Diyos, walang anumang puwang para sa atin na maging palalo; tanging mangmang na tao ang magsasabi na siya ay mas magaling kaysa sa iba (2 Cor. 3:5; Mat. 26:33; Juan 21:15; cf. Marc. 11:9); ang kapakumbabaan ang nagliligtas sa atin mula sa lahat ng uri ng pagkawasak at nag-aanyaya ng biyaya ng Diyos (2 Cor. 12:7-9; Sant. 4:6; cf. Roma 12:3; Gal. 5:26; Mat. 18:3-4; 20:20-28; 2 Cor. 4:5).
6. Ang pagkabuhay na muli ay ang lahat ng bagay na hindi mula sa ating natural na buhay, hindi mula sa ating sarili, at hindi batay sa ating abilidad; ang pagkabuhay na muli ay nagsasaad ng mga bagay na lampas sa atin, na hindi natin magagawa sa ating sarili—1:8-9; 4:7.
7. Ang pagkabuhay na muli ay nangangahulugang ang lahat ng bagay ay mula sa Diyos at hindi sa atin; nangangahulugan ito na Diyos lamang ang may kakayahan at hindi natin kaya; ang pagkabuhay na muli ay nangangahulugang ang lahat ng bagay ay ginawa ng Diyos, hindi ng ating sarili—1:12; Fil. 3:10-11.
8. Ang magagawa natin ay nabibilang sa natural na kinasasaklawan, at ang imposible para sa atin na gawin ay nabibilang sa kinasasaklawan ng pagkabuhay na muli; ang isang tao ay dapat humantong sa katapusan ng kanyang sarili bago siya makumbinse sa kanyang ganap na pagiging walang silbi—Mat. 19:26; Marc. 10:27; Luc. 18:27.
9. Kailangan nating makita na ang maging isang Kristiyano at isang mandaraig ay hindi lamang mahirap—ito ay imposible; tanging ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos na nabubuhay sa loob natin bilang ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu ang maaaring maging isang Kristiyano at isang mandaraig; kapag mayroon tayong isang pangangailangan, isang kawalan ng kakayahan, o kapag nahaharap tayo sa isang mahirap na sitwasyon, maaari tayong makipag-usap sa Kanya tungkol dito; sa gayon Siya, ang Isa na nabubuhay sa loob natin, ay papasok upang harapin ang sitwasyon at gawin ang anumang kinakailangan, at kusang-kusa nating maipamumuhay si Kristo—Fil. 4:5-7, 12; 1:21a.

*© 2021 Living Stream Ministry*